

ANG COMMUNICANTES SA ARAW NA ITO

SA AMING PAKIKIISA, at masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang araw ng Pentekostes, noong pumanaog ang Espiritu Santo sa mga Apostol sa anyong dimabilang na dila ng apoy: † *at gayundin sa magalang na paggunita...*

ANG NAUKOL NA HANC IGITUR PARA SA ARAW NA ITO

HANC IGITUR oblatiónem servitútis nostræ, sed et cunctæ familiæ tuæ, quam tibi offérimus pro his quoque, quos regenerare dignatus es ex aqua et Spíritu Sancto, tríbuens eis remissionem ómnium peccatórum, quæsumus, Dómine, ut placátus accípias: diésque nostros in tua pace dispónas, atque ab æténa damnatióne nos éripi, et in electórum tuórum iúbeas grege numerári. Per eundem Christum Dóminum nostrum. Amen.

KAYA'T, isinasamo namin, Panginoon, na kalugdan Mong tanggapin itong handog ng aming paglilingkod at ng buo mong angkan, at gayundin, iniaalay din namin ito para sa mga minarapat mong mabinyagan sa bisa ng tubig at Espiritu Santo, para ikapagpapatawad ng lahat ng kanilang mga kasalanan: upang kasama rin nila ay mabuhay kami sa iyong kapayapaan, maligtas sa kapahamakang walang hanggan, at marapat na mapabilang sa iyong mga hirang. Sa pamamagitan pa rin ni Cristo naming Panginoon. Amen.

ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 7:37-39

ULTIMO festivitátis die dicébat Iesus: Qui in me credit, flúmina de ventre eius fluent aquæ vivæ: hoc autem dixit de Spíritu, quem acceptúri erant credéntes in eum, allelúia, allelúia.

SA HULING ARAW ng dakilang araw ng pista, sinabi ni Jesus: “Ang sinumang sumasampalataya sa akin ay mula sa kanyang puso’y dadaloy ang mga ilog ng tubig na buháy.” Ang tinutukoy niya’y ang Espiritung tatanggapin ng mga sumasampalataya sa kanya, aleluya, aleluya.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SANCTI Spíritus, Dómine, corda nostra mundet infúσιο: et sui roris íntima aspersione fecúndet. Per Dominum ... in unitate ejusdem Spiritus Sancti.

MALINIS nawa ang aming mga puso, Panginoon, sa pagtanggap ng Espiritu Santo. Pagbungahin Mo sila ng makalangit na hamog. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... kasama pa rin ng Espiritu Santo...



ANG VIGILIA NG PENTECOSTES

I cl. • Semidoble • Lila/Pula

Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Ang sumusunod na pagdiriwang ay mula sa Mas Nakatatandang Uso ng Rito Romano (*ante-'55*). Naihalintulad ang ritual ngayong araw na ito sa *Vigila Pascual*. Ang mga pagbasa o hula sa Lumang Tipan ay binabasa. Ang tema nito ay ang pagsusugo ng Espiritu Santo, ang bisa ng Binyag, at ang biyaya ng Mang-aaliw.

Sa araw na ito, katulad ng mga Apostol noong una, inaabangan natin nang may masigasig at malilinis na puso ang pagpanaog ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng paghinay sa mga salita ng Poon. Siya, ang Espiritung Banal, ang pumupos at nagpapasigla sa buong Simbahan. Sa Misang ito, hilingin natin ang biyaya ng Espiritu Santo. Sana’y sa lahat ng pagkakataon, lagi nating sundin ang kalooban ng Dios at hindi ang hilig ng ating mga laman. Mahalin natin at laging sambitin ang tulong ng Dios Espiritu Santo, para sa ating kaligtasan.

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 103:30-31

EMITTE, Spíritum tuum, et creabúntur, et renovábis fáciem terræ: sit glória Dómini in sáecula, allelúia.

ISUGO mo ang iyong Espiritu, likhai't baguhin ang anyo ng lupa. Manatili nawa ang kaluwalhatian ng Panginoon kailanman, aleluya.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

MUNERA, quæsumus, Dómine, obláta sanctífica: et corda nostra Sancti Spíritus illustratióne emúnda. Per Dominum ... in unite ejusdem Spiritus Sancti

PANGINOON, pabanalín Mo ang aming mga alay. Linisin mo ang aming kalooban sa liwanag ng iyong Espiritu Santo. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin ... kasama pa rin ng Espiritu Santo...

PREPASYO NG ESPIRITU SANTO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubíque grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus: per Christum, Dóminum nostrum.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan at walang hanggang Dios: sa pamamagitan ni Cristo naming Panginoon.

Qui, ascéndens super omnes cælos sedénsque ad dexteram tuam, promíssum Spíritum Sanctum in filios adoptiúnis effúdit.

Ngayong umakyat siya sa kalangitan at nakalulok sa iyong kanan, isinugo niya ang kanyang pangakong Espiritung Banal sa inangking mong mga anak.

Quaprópter profúsis gáudiis totus in orbe terrárum mundus exsúltat. Sed et supérnæ Virtútes atque angélicæ Potestátes hymnum glóriæ tuæ cóncinunt, sine fine dicéntes:

Kaya't punong puno ng kagalakan ang bawat dako at bawat nilikha sa buong sansinukob. Kasama ang mga Virtud at mga Potesdad, kami ay nagpupuring walang humpay sa iyong kadakilaan:

— Sanctus, Sanctus, Sanctus...

— Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...

Sa loob ng tatlong buwan, si Pablo'y pumapasok sa sinagoga at buong tapang na nagpapaliwanag sa mga naroon at hinihikayat sila tungkol sa kaharian ng Dios. —

R. Salamat sa Dios.

ALELUYA • Ps 106:1

Allelúia. *V.* Confitémini Dómino, quóniam bonus: quóniam in sæculum misericordia eius.

Aleluya! *V.* Purihin natin ang Panginoon, sapagka't siya'y butihin. Sapagka't ang Kaniyang kagandahang-loob ay magpakailanman.

TRAKTO • Ps 116:1-2

LAUDÁTE Dóminum, omnes gentes: et collaudáte eum, omnes pópuli,

V. Quóniam confirmáta est super nos misericórdia eius: et véritas Dómini manet in ætérnum.

PURIHIN ang Panginoon, kayong lahat na mga bansa; awitan ninyo siya, kayong lahat na mga nilikha.

V. Ang kaniyang awa'y matatag sa atin, at katapatan ng Panginoon ay nananatili kailanpaman.

Walang insenso at ciriales sa pagpapahayag ng Mabuting Balita.

EBANGHELYO • Jn 14:15-21

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad: “Kung iniibig ninyo ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos. Dadalangin ako sa Ama, upang kayo'y bigyan niya ng isa pang Patnubay na magiging kasama ninyo magpakailanman. Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat siya ay hindi nakikita ni nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo. Hindi ko kayo iiwang mga ulila; babalik ako sa inyo. Kaunting panahon na lamang at hindi na ako makikita ng sanlibutang ito. Ngunit ako'y makikita ninyo; sapagkat buháy ako, mabubuhay rin kayo. Sa araw na iyon ay malalaman ninyong ako'y nasa Ama, at kayo nama'y nasa akin at ako'y nasa inyo. Ang tumatanggap sa mga utos ko at tumutupad sa mga ito ang siyang umiibig sa akin. Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama; iibigin ko rin siya at ako'y lubusang magpapakilala sa kanya.”

— **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

UNANG YUGTO: ANG MGA PAGBASA

PAGBASA I: ANG PAGSUNOD NI ABRAHAM SA DIOS • Gen 22:1-19

Ang pagbasa mula sa aklat ng Genesis.

NOONG PANAHONG IYON: Sinubok ng Dios si Abraham. Tinawag siya ng Dios, “Abraham!” “Narito po ako,” tugon naman niya. Sinabi sa kanya, “Isama mo ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak na si Isaac, at magpunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo, at ihandog mo siya sa akin.” Kinabukasan, maagang bumangon si Abraham at nagsibak ng kahoy na gagamiting panggatong sa handog na susunugin. Inihanda niya ang asno, at umalis kasama si Isaac at ang dalawang aliping lalaki papunta sa lugar na sinabi ng Dios sa kanya. Nang ikatlong araw ng paglalakbay, natanaw na nila ang dakong kanilang pupuntahan. Kaya't sinabi ni Abraham sa kanyang mga alipin, “Bantayan ninyo rito ang asno at kami na lamang ng bata ang aakyat sa bundok. Sasamba kami sa dako roon, at babalikan namin kayo.” Ipinapasan ni Abraham kay Isaac ang kahoy na panggatong. Dala naman niya ang apoy at patalim, at magkasama silang lumakad. Tinawag ni Isaac ang pansin ng ama, “Ama!” “Ano iyon, anak?” tugon ni Abraham. “Mayroon na tayong apoy at panggatong, ngunit nasaan ang tupang ihahandog?” tanong ni Isaac. Sumagot si Abraham, “Anak, ang Dios ang magbibigay niyon.” Kaya't nagpatuloy sila sa paglakad. Pagsapit nila sa lugar na itinuro ng Dios, gumawa ng altar si Abraham. Inayos niya sa ibabaw nito ang panggatong at inihiga si Isaac matapos gapusin. Nang sasaksakin na niya ang bata, tinawag siya ng anghel ng Panginoon at mula sa langit ay sinabi, “Abraham, Abraham!” “Narito po ako,” sagot ni Abraham. Sinabi ng anghel, “Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan! Natitiyak ko ngayong handa kang sumunod sa Dios, sapagkat hindi mo ipinagkait sa kanya ang kaisa-isa mong anak.” Paglingon niya'y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog sa halip na ang kanyang anak. Kaya't ang lugar na iyon ay tinawag ni Abraham na, “Panginoon ang Nagkakaloob.” At magpahanggang ngayon, sinasabi ng mga tao, “Sa bundok ng Panginoon ay may nakalaan.” Mula sa langit, nagsalitang muli kay Abraham ang anghel ng Panginoon, “Ako'y nangangako sa pamamagitan ng aking pangalan. Sapagkat hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak, pagpapalain kita. Ang lahi mo'y magiging sindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Sasakupin nila ang mga lunsod ng kanilang mga kaaway.

Sa pamamagitan ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig sapagkat sinunod mo ang aking utos.” Binalikan ni Abraham ang kanyang mga alipin, at sama-sama silang umuwi sa Beer-seba. — *R. Salamat sa Dios.*

Matapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin:

V. Oremus.

DEUS, qui in Abrahae famuli tui opere, humano generi obedientiae exempla praeuisti: concede nobis, et nostrae voluntatis prauitatem frangere, et tuorum praeceptorum rectitudinem in omnibus adimplere. Per Dóminum.

— *R. Amen.*

V. Manalangin tayo.

O DIOS, sa ginawa ni Abraham na iyong lingkod, binigyan mo ng halimbawa ng pagsunod ang sangkatauhan. Ipagkaloob mong mawasak namin ang mga makasalanan naming hilig, upang sa lahat ng bagay, ikaw lamang ang aming iibigin at paglilingkuran. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... — *R. Amen.*

PAGBASA II: ANG PAGTAWID SA DAGAT NA PULA • Ex 14:24-31; 15:1

Ang pagbasa mula sa aklat ng Exodo.

NOONG MGA ARAW NA YAON: Nang mag-uumaga na, ang mga Egipcio'y ginulo ng Panginoon mula sa haliging apoy at ulap. Napabaon ang gulong ng mga karwahe at hindi na sila makahabol nang matulin. Kaya sinabi nila, “Umalis na tayo rito sapagkat ang Panginoon na ang kalaban natin.” Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Itapat mo ang iyong tungkod sa ibabaw ng dagat at tatabunan ng tubig ang mga Egipcio pati ang kanilang mga karwahe.” Ganoon nga ang ginawa ni Moises, at sa pagbubukang-liwayway, nanumbalik sa dati ang dagat. Ang mga Egipcio'y nagsikap makatakas ngunit pinalakas ng Panginoon ang pagdagsa ng tubig kaya't nalunod silang lahat. Nang bumalik sa dati ang dagat, natabunan ang mga karwahe't kabayo ng Faraon, pati ang kanyang buong hukbo at wala ni isa mang natira. Ngunit ang mga Israelita'y nakatawid sa dagat, na tuyong lupa ang dinaanan, sa pagitan ng tubig na parang pader. Nang araw na iyon ang mga Israelita'y iniligat ng Panginoon sa mga Egipcio; nakita nila ang bangkay ng mga Egipcio, nagkalat sa tabing dagat. Dahil sa kapangyarihang ipinakita ng Panginoon laban sa mga Egipcio, nagkaroon sila ng takot sa kanya at sumampalataya sila sa kanya at sa lingkod niyang si Moises. Ito ang inawit ni Moises at ng mga Israelita para sa Panginoon:

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ez 36: 23-26

DUM sanctificátus fúero in uobis, congregábo vos de uniuérsis terris: et effúndam super vos aquam mundam, et mundabímmini ab ómnibus inquinaméntis uestris: et dabo uobis spíritum nouum, allelúia, allelúia. — *Ps 33:2* Benedícám Dóminum in omni témpore: semper laus eju in ore meo. *V.* Gloria Patri. Dum sanctificatus.

IPAKIKILALA Ko sa inyo ang Aking kabanalan, at titipunin ko kayo mula sa lahat ng bansa. Wiwisikan ko kayo ng malinis na tubig sa ikalilinis ninyong lahat mula sa inyong mga karumhan. Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu, aleluya! — *Salmo 33:2* Pupurihin ko ang Poon kailanman! Laging mamumutawi sa aking bibig ang kaniyang papuri. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ipakikilala ko...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

PRAESTA, quásumus, omnípotens Deus: ut claritatis tuæ super nos splendor effúlgeat; et lux tuæ lucis corda eórum, qui per grátiam tuam renáti sunt, Sancti Spíritus illustratióne confírmet. Per Dóminum ... in unitate eiusdem

ISINASAMO NAMIN, O Dios na makapangyarihan: nang kumintal sa amin ang liwanag ng Iyong kaluwalhatian, upang sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang liwanag ng iyong liwanag, ang siya nawang magpatatag sa kalooban ng mga muling isinilang sa bisa ng Iyong grasya. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... kasama pa rin ng Espiritu Santo...

PAGBASA • Gw 19:1-8

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

NOONG MGA ARAW NA YAON: Habang nasa Corinto si Apolos, tinahak naman ni Pablo ang iba't ibang dako ng lalawigan hanggang sa siya'y makarating sa Efeso. May natagpuan siya roon na ilang alagad at sila'y tinanong niya, “Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y sumampalataya?” “Hindi po, ni hindi namin narinig na may Espiritu Santo pala,” tugon nila. “Kung gayon, anong uri ng bautismo ang tinanggap ninyo?” tanong niya. “Bautismo ni Juan,” tugon nila. Kaya't sinabi ni Pablo, “Binautismuhan ni Juan ang mga nagsisi at tumalikod sa kasalanan. Ipinangaral niya sa mga Israelita na sila'y sumampalataya kay Jesus, ang dumarating na kasunod niya.” Nang marinig nila iyon, nagpabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus. Nang ipatong ni Pablo ang kanyang kamay sa kanila, bumabâ sa kanila ang Espiritu Santo at sila'y nagsalita ng iba't ibang wika at nagpahayag ng mensahe mula sa Dios. Humigit-kumulang sa labindalawang lalaki ang nagpabautismo.

Ut fructus terræ dare et
conservare digneris, **
Ut omnibus fidelibus defunctis
requiem æternam donare
digneris, **
Ut nos exaudire digneris, **

Agnus Dei, qui tollis peccata
mundi, **parce nobis, Dómine.**

Agnus Dei, qui tollis peccata
mundi, **exaudi nos, Dómine.**

Agnus Dei, qui tollis peccata
mundi, **miserere nobis.**

Christe, audi nos.
Christe, exaudi nos.

Upang ipagkaloob Mo sa amin at ingatan ang
mga bunga ng lupa, **

Upang pagkalooban Mo ng kapayapaang
walang-hanggan ang lahat na mga pumanaw, **

Upang pakinggan mo ang aming dalangin, **

Kordero ng Dios, na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan, **patawarin Mo kami,
Panginoon.**

Kordero ng Dios, na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan, **pakinggan Mo kami,
Panginoon.**

Kordero ng Dios, na nag-aalis ng mga kasalanan
ng sanlibutan, **maawa ka sa amin.**

Cristo, dinggin mo kami.
Cristo, pakinggan mo kami.

IKATLONG YUGTO:

ANG MISA

¶ *Pagkarating nila sa paanan ng altar (mula sa Pabinyagan), luluhod ang pari at ang mga banal na ministro sa paanan ng altar, hanggang maawit ng coro ang mga katagang Peccatores (Kaming mga makasalanan). Sisindihan din ang mga kandila. Pagkatapos, magsusuot na ng kulay pulang estola at kasulya ang mga banal na ministro. Sisimulan nila ang Misa gaya ng sa nakagawian maliban sa Pambungad na Antipona. Aawiting maringal ang Kyrie (Panginoon, Maawa Ka) at ang Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios). Ganito rin ang kabuuang gawi sakaling hindi babasban ang Pila Bautismal.*

¶ *Sa mga Misang hindi dinadaluhan ng bayan, hindi na babasahin ang mga Pagbasa, mga Panalangin, pati ang Litanya. Kundi, itutuloy ang Misa gaya nang sa nakagawian. May Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios). Kung sakaling ito ang magiging Misa, sasabihin ng pari ang Pambungad na Antipona.*

TRACTO • Ex 15:1-2

CANTEMUS Dómino: glorióse
enim honorificátus est: equum
et ascensórem projéctit in mare:
adjútor et protéctor factus est
mihi in salútem,

V. Hic Deus meus, et
honorificábo eum: Deus patris
mei, et exaltábo eum.

V. Dóminus cónterens bella:
Dóminus nomen est illi.

UMAWIT tayo sa Poon: siya'y lipos ng
kaluwalhatian: kabayo at mga karwahe nila ay
Kaniyang hinagis sa karagatan. Siya ang aking
tulong at lakas; siya ang aking kaligtasan.

V. Siya ang aking Dios, dinarangal ko siya: ang
Dios ng aming mga ninuno, at dinarakila ko
siya.

V. Mandirigma ang Panginoon. Panginoon ang
kaniyang pangalan.

Matapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin:

V. Oremus.

DEUS, qui primis temporibus
impleta miracula novi testamenti
luce reserasti, ut et Mare
Rubrum forma sacri fontis
existeret, et liberata plebs ab
Aegyptiaca servitute, christiani
populi sacramenta praeferret:
da, ut omnes gentes Israelis
privilegium merito fidei
consecutae, Spiritus tui
participatione regenerentur. Per
Dóminum. — R. Amen.

V. Manalangin tayo.

O DIOS, sa liwanag ng Bagong Tipan,
isinalaysay ang mga hiwaga at himala noong
unang panahon. Tulad ng sa Dagat na Pula,
ipinahiwatig nito ang pila bautismal. Sa
pagkabalaya naman ng iyong bayan mula sa
kamay ng mga Egipcio, ipinahiwatig naman
rito ang mga sakramento ng mga Cristyano.
Tulutan mong ang lahat ng mga bansa ay
mapanibago sa bisa ng Iyong Espiritu, silang
mga nakamtan ang karangalan tulad ng bayang
Israel alang-alang sa kanilang pananampalataya.
Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon
namin... — R. Amen.

PAGBASA III: ANG PAGTALIMA SA UTOS NG DIOS • Dt 31: 22-30

Ang pagbasa mula sa aklat ng Deuteronomio.

NOONG MGA ARAW NA YAON: Isinulat ni Moises ang isang awit at itinuro ito sa mga Israelita. * Itinalaga ng Panginoon si Josue na anak ni Nun. Sinabi niya, “Magpakatatag at lakasan mo ang loob mo sapagkat ikaw ang mangunguna sa Israel sa pagpunta nila sa lupaing ipinangako ko sa kanila. Hindi kita pababayaan.” Matapos isulat ni Moises sa isang aklat ang buong kautusan, sinabi niya sa mga pari, “Dalhin ninyo ang aklat na ito at itabi sa Kaban ng Tipan upang maging babala sa inyo. Alam kong kayo’y mapaghimagsik at matigas ang ulo.

Kung ngayong buháy pa ako ay lagi kayong naghihimagsik sa Panginoon, lalo na kung patay na ako. Pupilungin ko ang inyong matatanda at ang inyong mga pinuno. Ipapaliwanag ko sa kanila ang mga bagay na ito, at gagawin kong saksi ang langit at lupa laban sa kanila. Sapagkat natitiyak kong kayo'y magpapakasama pagkamatay ko, lilihis kayo sa daang itinuro ko sa inyo. Darating ang araw na magagalit sa inyo ang Panginoon dahil gagawin ninyo ang pinakaaayawan niya.” Ito ang kabuuan ng awit na ipinarinig ni Moises sa mga Israelita:

TRACTO • Dt 34:1-2

ATTENDE cœlum, et loquar: et áudiat terra verba ex ore meo.
V. Exspectétur sicut plúvia elóquium meum: et descéndant sicut ros verba mea.
V. Sicut imber super gramen et sicut nix super fœnum: quia nomen Dómini invocábo,
V. Date magnitúdinem Deo nostro: Deus, vera ópera ejus, et omnes viæ ejus judícia,
V. Deus fidélis, in quo non est iníquitas: justus et sanctus Dóminus.

Matapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin:

V. Oremus.

DEUS, gloriificatio fidelium, et vita iustorum, qui per Moysen famulum tuum nos quoque modulatione sacri carminis erudisti: universis gentibus misericordiae tuae munus operare, tribuendo beatitudinem, auferendo terrorem; ut quod pronuntiatum est ad supplicium, in remedium transferatur aeternum. Per Dóminum. — **R. Amen.**

MAKINIG kayong mabuti, O langit: ako'y magsasalita! Dinggin ng lupa ang sasabihin ko:
V. Pumatak nawang tulad ng isang ulan ang aking aral, at bumaba ang aking salita tulad ng isang hamog.
V. Tulad ng ambon sa damo; tulad ng ulan sa halaman, dahil ipamamansag ko ang ngalan ng Panginoon.
V. Luwalhatiin niyo ang ating Dios! Totoong mabuti ang lahat niyang mga gawa, at matuwid ang lahat niyang mga daan.
V. Ang Dios ay matapat at walang kalikuan: ang Panginoon ay banal at matuwid.

V. Manalangin tayo.

O DIOS, ikaw ang karangalan ng tanang nananalig sa iyo at buhay ng mga matuwid. Sa iyong lingkod na si Moises, itinuro niya sa amin kung paano maghandog ng mga papuring awit sa Iyong kaluwalhatian. Ikalat mo sa buong santinakpan ang Iyong kagandahang-loob. Ipagkaloob Mo ang iyong ligaya at alisin Mo ang aming mga kinatatakutan. Anumang parusa ang inilaan para sa amin ay maging walang-hanggang lunas para sa amin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... — **R. Amen.**

Per baptísmum et sanctum jejúnum tuum, **

Per crucem et passióem tuam, **

Per mortem et sepultúram tuam, **

Per sanctam resurrectiónem tuam, **

Per admirábilem ascensiónem tuam, **

Per advéntum Spíritus Sancti Parácliti, **

In die judícii, **
Peccatóres, ** **te rogamus, audi nos.**

Ut nobis parcas, **

Ut Ecclésiám tuam sanctam régere et conserváre dignéris, **
Ut domnum apostólicum et omnes ecclesiásticos órdenes in sancta religióne conserváre dignéris, **

Ut inimícos sanctæ Ecclésiæ humiliáre dignéris, **

Ut régibus et princípibus cristiánis pacem et veram concórdiam donáre dignéris, **

Ut nosmetípsos in tuo sancto servítio confortáre et conserváre dignéris, **

Ut ómnibus benefactóribus nostris sempitérna bona retríbuas, **

Alang-alang sa Iyong pagbibinyag at pag-aayuno, **

Alang-alang sa Iyong krus at pagpapakasakit para sa amin, **

Alang-alang sa Iyong kamatayan at paglilibing sa iyo, **

Alang-alang sa Iyong Muling Pagkabuhay, **

Alang-alang sa Iyong kahanga-hangang Pag-akyat sa Langit, **

Alang-alang sa pagparito ng Espiritu Santo, ang Mang-aaliw, **

Sa araw ng Iyong paghuhukom, **

Kaming makasalanan, ** **samo nami'y, Iyong dinggin.**

Upang iadya Mo kami, **

Upang pamunuan at ingatan Mo ang Iyong banal na Simbahan, **

Upang ingatan Mo ang Santo Papa, at tanang nasa banal na orden na naglilingkod sa banal at walang dungis Mong Simbahan, **

Upang pasukuin Mo ang mga kaaway ng banal na Simbahan, **

Upang pagkalooba at tipunin Mo ang mga hari at pangulong Cristyano ng kapayapaan at pagkakaisa, **

Upang kalingain at ingatan kaming mga nasa banal na naglilingkod sa Iyo, **

Upang pagkalooban Mo ng kabutihang walang-hanggan ang mga gumawa sa amin ng mabuti, **

Sancte Stéphane, **
 Sancte Vincéti, **
 Omnes sancti Mártyres, oráte.
 Sancte Silvéster, **
 Sancte Gregóri, **
 Sancte Augustíne, **
 Omnes sancti Pontífices et
 Confessóres, **
 Omnes sancti Doctóres, **
 Sancte Antóni, **
 Sancte Benedícite, **
 Sancte Domínice, **
 Sancte Francísce, **
 Omnes sancti Sacerdótes et
 Levítæ, **
 Omnes sancti Monáchi et
 Eremítæ, **
 Sancta María Magdaléna, **
 Sancta Agnes, **
 Sancta Cæcília, **
 Sancta Agatha, **
 Sancta Anastásia, **
 Omnes sanctæ Vírgines et
 Víduæ, **
 Omnes Sancti et Sanctæ Dei,
intercedite pro nobis.
 Propítius esto, **parce nobis,**
Dómine.
 Propítius esto, **exáudi nos,**
Dómine.
 Ab omni malo, ** **libera nos,**
Domine.
 Ab omni peccáto, **
 A morte perpétua, **
 Per mystérium sanctæ
 incarnatiónis tuæ, **
 Per advéntum tuum, **
 Per nativitétem tuam, **

San Esteban, **
 San Vicente, **
 Lahat kayong mga banal na Martir, **
 San Silvester, **
 San Gregorio, **
 San Agustin, **
 Lahat kayong mga banal na Obispo at
 Confesor, **
 Lahat kayong mga banal na Pantas, **
 San Antonio, **
 San Benito, **
 Santo Domingo, **
 San Francisco, **
 Lahat kayong mga banal na Pari at Levita, **
 Lahat kayong mga banal na Monghe at
 Ermitanyo, **
 Santa Maria Magdalena, **
 Santa Agnes, **
 Santa Cecilia, **
 Santa Agatha, **
 Santa Anastasia, **
 Lahat kayong mga banal na Birhen at Biyuda, **
 Lahat kayong mga Santo at Santa,
ipamagitan niyo kami.
 Kaawan Mo kami, **patawarin Mo kami,**
Panginoon.
 Kaawaan Mo kami, **pakinggan Mo kami,**
Panginoon.
 Mula sa lahat ng masama, ** **iadya Mo kami,**
Panginoon.
 Mula sa lahat ng kasalanan, **
 Mula sa kamatayang walang-hanggan, **
 Alang-alang sa hiwaga ng Iyong
 pagkakatawang-tao, **
 Alang-alang sa Iyong pagparito, **
 Alang-alang sa Iyong pagsilang, **

PAGBASA IV: ANG HULA UKOL SA BAGONG HERUSALEM • Is 4:1-6

Ang pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias.

SA ARAW NA IYON, pitong babae ang mag-aagawan sa isang lalaki at sasabihin nila: “Kami na ang bahala sa aming kakainin at isusuot na damit; pakasalan mo lamang kami para mawala ang kahihiyang taglay namin sapagkat kami’y walang asawa.” Pagdating ng araw na iyon, pasasaganain at pauunlarin ng Panginoon ang lahat ng nanatiling tapat sa kanyang bayan, at ang bunga ng lupain ay magiging dangal at hiyas ng mga nakaligtas na tao sa Israel. Tatawaging banal ang mga matitirang buháy sa Jerusalem, silang mga pinili ng Dios upang mabuhay. Sa pamamagitan ng makatarungang paghatol, huhugasan ng Panginoon ang karumihan ng Jerusalem at ang dugong nabuhos doon. Pagkatapos, lilikha ang Panginoon ng isang ulap kung araw na lililim sa Bundok ng Sion at sa mga nagkakatipon roon at magiging maliwanag na ningas kung gabi. Lalaganap ang kanyang kaluwalhatian gaya ng isang malawak na bubong na magsisilbing lilim sa init ng araw at kublihan kapag may bagyo at ulan. — **R. Salamat sa Dios.**

TRACTO • Is: 5:1-2

VINEA facta est dilécto in cornu,
 in loco úberi.
V. Et macérian circúmdedit, et
 circumfódit: et plantávit véneam
 Sorec, et ædificávit turrim in
 médio ejus.
V. Et tórcular fodit in ea: vénea
 enim Dómini Sábaoth domus
 Israël est.

MAY UBASAN ang aking minamahal, doon sa burol na mabunga’t masagana.
V. Hinukay niya at inalisan ng bato at tinamnan ng mga piling puno ng ubas. at sa gitna noo’y,
V. Naglagay ng pisaan ng ubas. Ito ang ubasan ng Panginoon ng mga hukbo, ang sambahayan ng Israel.

Matapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin:

V. Oremus.

OMNIPOTENS sempiterne Deus, qui per unicum Filium tuum, Ecclesiae tuae demonstrasti te esse cultorem, omnem palmitem, fructum in eodem Christo tuo, qui vera vitis est, afferentem, clementer excolens, ut fructus afferat ampliores: fidelibus tuis, quos velut vineam ex Aegypto per

V. Manalangin tayo.

O DIOS NA MAKAPANGYARIHAN at walang-hanggan, sa iyong bugtong na Anak, ipinahayag mo sa iyong Simbahan na ikaw ang tunay na Tagapag-alaga ng ubasan ng iyong Cristo, si Jesus na tunay na puno ng ubas: pakundangan sa pag-iral ng Iyong habag, huwag Mo sanang hayaan na manaig sa Iyong bayan ang tinik ng kasalanan; pagka’t sa pamamagitan ng binyag, inilipat Mo silang

fontem baptismi transtulisti, nullae peccatorum spinae praevalent; ut Spiritus tui sanctificatione muniti, perpetua fruge ditentur. Per Dóminum. — *R. Amen.*

tulad ng isang sanga kahalintuad sa Egipto, palakasin at pabanalín Mo sila ng iyong Espiritu, upang magbunga sila ng walang-hanggang bunga. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... — *R. Amen.*

PAGBASA V: ANG BUKAL NG LAHAT NG KARUNUNGAN • Bar 3:9-38

Ang pagbasa mula sa aklat ni propeta Baruc.

MAKINIG KAYO, Israel, sa mga kautusang nagbibigay-buhay; makinig ka at nang ikaw ay matuto. Israel, bakít ka nasa lupain ng iyong mga kaaway? Bakít ka tumanda sa ibang lupain? Bakít itinakwíl kang parang patay at ibinilang na sa mga nasa Hades? Nangyari ito sapagkat itinakwíl mo ang bukal ng Karunungan. Kung lumakad ka lang sa landas ng Dios, sana'y namumuhay kang matiwasay sa habang panahon. Hanapin mo ang bukal ng pang-unawa, lakas at kaalaman, at malalaman mo kung nasaan ang mahabang buhay, ang liwanag na sa iyo'y papatnubay, at ang kapayapaan. May nakatuklas na ba kung saan nakatira ang Karunungan, o nakapasok sa kanyang taguan ng yaman? Nasaan ngayon ang mga tagapamahala ng mga bansa, at namamahala sa mababangis na hayop? Nasaan ang mga naglibang sa panghuhuli ng mga ibon? Nasaan ang mga nagtipon ng pilak at gintong pinagkatiwalaan ng tao, at kailanma'y di nasiyahan sa kanilang naimpok? Nasaan ang mga nagsisikap magkamal ng salapi ngunit wala namang iniwang bakas ng kanilang pinagpaguran? Pumanaw na silang lahat, lumipat na sila sa daigdig ng mga patay, at may pumalit na sa kanila. May lumitaw ngang mga bagong lahi at nanirahan sa lupain. Nakita nga nila ang liwanag ng araw ngunit hindi nila nakita ang daan ng kaalaman. Hindi rin nila natuklasan ang landas ng Karunungan at hindi rin nila ito nakamtan. Naligaw ring tulad nila ang kanilang mga anak. Ang Karunungan ay hindi narinig ng mga Canaanita; hindi ito nakita ng mga taga-Teman. Hindi rin ito natagpuan ng mga anak ni Hagar at ng mga mangangalakal ng Meran at Teman. Pawang nabigo rin ang mga nagkukuwento ng alamat at nagsasaliksik ng karunungan. O Israel, anong laki ng sanlibutang pinaninirahan ng Dios, at anong lawak ng kanyang nasasakupan. Ito'y walang hangganan at di masusukat ang lapad at taas. Noong unang panahon, isinilang ang mga higante, malalaki't malalakas at batikang mandirigma. Ngunit hindi sila pinili ng Dios, hindi itinuro sa kanila ang landas ng kaalaman. Pumanaw sila dahil sa kawalan ng karunungan, nalipol sila dahil sa kanilang kamangmangan. May nakaakyat na ba sa kalangitan at nakapagbaba ng Karunungan mula sa mga ulap?

ANG LITANYA NG MGA BANAL

Pagkatapos, babalik ang lahat patungo sa altar. Aawitin ang sumusunod na pinaiksing Litanya ng mga Banal. Pagkarating nila sa paanan ng altar, dadapa ang pari at ang mga banal na ministro hanggang sa mga katagang PECCATORES (KAMING MGA MAKASALANAN).

Kyríe, eleison.

Christe, eleison.

Kyríe, eleison.

Pater de cælis, Deus, * miserére nobis.

Fili, Redemptor mundi, Deus, *

Spiritus Sancte, Deus, *

Sancta Trínitas, unus Deus, *

Sancta María, ** ora (pl. Orate) pro nobis.

Sancta Dei Génitrix, **

Sancta Virgo vírginum, **

Sancte Míchaël, **

Sancte Gábríel, **

Sancte Ráphaël, **

Omnes sancti Angeli et Archángeli,

Omnes sancti beatórum Spirítuum órdines, **

Sancte Joáñnes Baptísta, **

Sancte Joseph, **

Omnes sancti Patriárchæ et Prophétæ, **

Sancte Petre, **

Sancte Paule, **

Sancte Joáñnes, **

Omnes sancti Apóstoli et Evangelístæ, **

Omnes sancti Discípuli Dómini, **

Panginoon, maawa ka.

Kristo, maawa ka.

Panginoon, maawa ka.

Dios Amang nasa langit, * kaawaan mo kami.

Dios Anak, Manunubos ng daigdig, *

Dios Espiritu Santo, *

Banal na Santatlo, iisang Dios, *

Santa Maria, ** ipanalangin mo (niyo) kami.

Santang Ina ng Dios, **

Santang Birhen ng mga birhen, **

San Miguel, **

San Gabriel, **

San Raphael, **

Lahat kayong mga Anghel at Arkanghel, **

Lahat kayong mga mapapalad at kinapal na Espiritu, **

San Juan Bautista, **

San Jose, **

Lahat kayong mga ninuno namin sa Pananampalataya, at kayong mga Propeta, **

San Pedro, **

San Pablo, **

San Juan, **

Lahat kayong mga banal na Apostol at Ebanghelista, **

Lahat kayong mga banal na alagad ng Panginoon, **

Aalisin na niya ang Cirio Pascual sa tubig:

Hic ómnium peccatórum máculæ deleántur: hic natúra ad imáginem tuam cóndita, et ad honórem sua reformáta princípíi, cunctis vetustátis squalóribus emundétur: ut omnis homo, sacraméntum hoc regeneratiónis ingræssus, in veræ innocétiæ novam infántiam renascátur. Per Dominum nostrum Jesum Christum, Fílium tuum: Qui ventúrus est judicáre vivos et mórtuos, et sæcúlum per ignem. — *R. Amen.*

Dito ay mapawi nawa ang lahat ng dungis ng kasalanan. Dito, luminis nawa ang lahat na parang bago ang pagkataong nilikha bilang kalarawan Mo, at maibalik ang karangalang pinagmulan niya tulad noong una. Ang sinumang tumanggap nitong sakramento ng bagong buhay ay magkamit nawa ng tunay na kabanalan tulad ng isang sanggol na walang-malay sa kasalanan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin: siyang paparito upang hukuman ang mga buhay at mga nangamatay na, at huhukuman ang daigdig sa pamamagitan ng apoy. — *R. Amen.*

Pagkatapos, wiiwsikan ng agua bendita ang bayan. Magbuhuhos ang pari ng kaunting LANGIS PARA SA MGA TAONG INIHANANDA SA BINYAG at PARA SA MAYSAKIT (OLEO), at sasabihin niya:

Sanctificétur ✠ et fecundétur fons iste Oleo salútis renascéntibus ex eo, in vitam ætérrnam. — *R. Amen.*

Pabalanin ✠ nawa at mamunga ng sagana ang Pabinyagang ito sa pamamagitan ng Langis ng kaligtasan, para sa mga ipanganganak muli sa buhay na walang-hanggan. — *R. Amen.*

Magbuhuhos rin ang pari ng kaunting KRISMA (CHRISMATIS), at sasabihin niya:

Infúsió Chrísmatis Dómini nostri Jesu Christi, et Spíritus Sancti Parácliti, fiat in nómine sanctæ Trinitátis. — *R. Amen.*

Ang pagbubuhos ng Krisma ng ating Panginoong Jesucristo at ng Espiritu Santo ay mangyari't magawa sa ngalan ng Banal na Santatlo. — *R. Amen.*

Pagkatapos, kukunin niya ang lalagyan ng mga Langis at magkasabay na ibubuhos ang laman ng dalawa sa anyong krus, habang sinasabi:

Commíxtio Chrísmatis sanctificatiónis, et Olei unctiúnis, et Aquæ baptísmatis, páriter fiat in nómine Pa ✠ tris, et Fí ✠ lii, et Spíritus ✠ Sancti. — *R. Amen.*

Ang paghahalo ng Krisma ng kabanalan at ang Langis ng pagpapahid, at ng tubig ng binyag, ay maganap rin sa ngalan ng Ama, ✠ at ng Anak ✠, at ng Espiritu ✠ Santo. — *R. Amen.*

Ngayon, hahaluhin na ang mga langis sa tubig. Kung mayroong bibinyagan, bibinyagan na sila ayon sa kinauugalian.

Mayroon na bang nagtawid-dagat upang bumili ng Karunungan sa pamamagitan ng ginto? Walang nakakaalam ng daan patungo sa kanya, o nakatuklas ng paraan ng paglapit sa kanya. Ang Dios na nakakaalam ng lahat ng bagay ang tanging nakakakilala sa Karunungan. Nauunawaan din niya ito sa pamamagitan ng kanyang kaalaman. Siya ang lumikha at naglagay dito ng lahat ng uri ng mga hayop. Nag-utos siya at lumitaw ang liwanag; nanginginig ito sa takot kapag siya'y tumatawag. Tinawag din niya ang mga bituin at madali silang nagsitugon, “Narito kami.” Lumagay sila sa kani-kanilang lugar at masayang nagniningning para bigyang-lugod ang lumikha sa kanila. Ito ang ating Dios! Walang makakapantay sa kanya. Alam niya ang daan ng Karunungan, at ito'y ipinagkaloob niya sa lingkod niyang si Jacob, kay Israel na kanyang minamahal. Mula noon, nakita na sa daigdig ang Karunungan, at nanatili sa sangkatauhan. — *R. Salamat sa Dios.*

Matapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin:

V. Oremus.

DEUS, qui nobis per prophetarum ora praecepisti temporalia relinquere, atque ad aeterna festinare: da famulis tuis; ut, quae a te iussa cognovimus, implere caelesti inspiratione valeamus. Per Dóminum. — *R. Amen.*

V. Manalangin tayo.

O DIOS, sa bibig ng iyong mga propeta, itinuro Mo sa amin na talikdan ang mga bagay na lumilipas upang pagtuunan namin ang mga bagay na walang wakas. Ipagkaloob mo sa Iyong mga lingkod ang lakas at makalangit na biyaya na tuparin ang Iyong mga ipinag-uutos. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... — *R. Amen.*

PAGBASA VI: ANG BAGONG ESPIRITU AT BAGONG KALOOBAN • Ez 37:1-14

Ang pagbasa mula sa aklat ni propeta Ezekiel.

NOONG PANAHONG IYON: Nadama ko ang kapangyarihan ng Panginoon at sa pamamagitan ng kanyang Espiritu ay dinala niya ako sa isang libis na puno ng kalansay. Inilibot niya ako sa lugar na puno ng mga kalansay na tuyung-tuyo na. Tinanong niya ako, “Ezekiel, anak ng tao, palagay mo ba ay maaari pang mabuhay ang mga kalansay na ito?” * Sumagot ako, “Kayo po lamang ang nakaalam, Panginoon.” * Sinabi niya sa akin, “Magpahayag ka sa mga kalansay na ito. Sabihin mo: Mga tuyong kalansay, dinggin ninyo ang salita ng Panginoon. Ito ang ipinapasabi niya: Bibigyan ko kayo ng hininga at kayo'y mabubuhay. Lalagyan ko kayo ng litid at laman, at babalutin ng balat. Bibigyan ko kayo ng hininga at kayo'y mabubuhay. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Panginoon.”

Nagpahayag nga ako, tulad ng utos sa akin. Nang ako'y nagsasalita, nagkaroon ng malakas na ugong, at nabuo ang mga kalansay. Nakita kong sila'y nagkaroon ng litid at laman; nabalot sila ng balat ngunit hindi pa humihinga. Sinabi sa akin ng Panginoon, "Ezekiel, anak ng tao, tawagan mo ang hangin sa lahat ng dako. Sabihin mong ipinapasabi ko: Hangin, hingahan mo ang mga patay na ito upang sila'y mabuhay." Nagpahayag nga ako at ang hangin ay pumasok sa kanila. Nabuhay nga sila at nang magtayuan, sila'y ubod ng dami, parang isang malaking hukbo. Sinabi sa akin ng Panginoon, "Ezekiel, anak ng tao, ang bansang Israel ay tulad ng mga kalansay na ito. Sinasabi nila, 'Tuyo na ang aming mga buto, wala na kaming pag-asa. Lubusan na kaming pinabayaan.' Kaya nga, magpahayag ka. Sabihin mong ipinapasabi ko: Bayan ko, ibubukas ko ang inyong libingan. Ibabangon ko kayo at iuuwi sa inyong bayan. Kung maibukas ko na ang inyong libingan at maibangon ko kayo, makikilala ninyong ako si Panginoon. Hihingahan ko kayo upang kayo'y mabuhay, at ibalik ko kayo sa inyong sariling bayan." Ito ang sabi ng Panginoon na makapangyarihan. — *R. Salamat sa Dios.*

Matapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin:

V. Oremus.

DOMINE, Deus virtutum, qui collapsa reparas, et reparata conservas: auge populos in tui nominis sanctificatione renovandos; ut omnes, qui sacro baptisate diluuntur, tua semper inspiratione dirigantur. Per Dóminum. — *R. Amen.*

V. Manalangin tayó.

O PANGINOONG DIOS ng mga hukbo, ibinabalik mo sa dating anyo ang mga bumagsak, at inaalagaan Mo ito. Paramihin Mo ang mga lahi at lipi na papanibaguhin alang-alang sa Iyong ngalan. Silang mga nilinis na sa Binyag ay patuloy mong gabayan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin... — *R. Amen.*

Qui pèdibus super te ambulávit: et a Joánne in Jordáne in te baptizátus est.

Qui te una cum ságuine de látere suo prodúxit: et discípuis suis jussit, ut credétes baptizaréntur in te, dicens: Ite, docéte omnes gentes, baptizántes eos in nómine Patris, et Fílii, et Spíritus Sancti.

Sa mas mababang tinig, itutuloy niya:

Hæc nobis præcépta servantibus, tu, Deus omnípotens, clemens adésto: tu benignus aspíra.

Sa iyo, lumakad ang Manunubos; ikaw rin ang nagbinyag kay Juan sa ilog Jordan.

Pinabukal ka niya sa Kaniyang tagiliran na nalahukan ng kaniyang Dugo. Iniutos rin Niya sa kaniyang mga alagad na ang lahat ng sumasampalataya ay sa'yo mabinyag, at sinabing: "Humayo kayo at turuan ang lahat ng mga bansa, at binyagan sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo."

Manaog nawa sa amin ang iyong awa, Dios na makapangyarihan, kaming gumaganap ngayon sa iyong mga iniuutos, at kasihan mo kami ng iyong Espiritu.

Pagkatapos, tatlong beses niyang hihipan ang tubig:

Tu has simplices aquas tuo ore benedicto: ut præter naturálem emundatiónem, quam lavándis possunt adhibere corpóribus, sint etiam purificándis méntibus effícaces.

Mabasbasan nawa ang dalisay at malinis na tubig na ito sa Iyong bibig, Panginoon. Bukod sa ito'y makapagpapalini ng katawan, ay maging mabisa rin ito na makapagpapalini sa mga kaluluwa.

Ilulubog niya ang Cirio Pascual sa tubig nang tatlong beses at aawitin rin ng tatlong ulit ang mga sumusunod, at sa mas mataas na tono:

Descéndat in hanc plenitúdinem fontis virtus Spíritus Sancti.

Manaog nawa sa bukal ng tubig na ito ang bisa ng Espiritu Santo.

Matapos nito, ihahayag ng pari ang panalangin: Pagkatapos, hihipan niya sa pormang pakrus (Y) ang tubig:

Totamque hujus aquæ substántiam regenerándi fecúndet efféctu.

At pagpalain nawa ng Dios ang buong tubig na ito, at maging mabunga para sa pagpapanibagong-buhay sa kabanalan ng nakararami.

Patutuyuin niya ang kaniyang mga kamay, bilang tanda na siya ang karaniwang ministro ng Binyag:

Sit hæc sancta et innocens creatúra líbera ab omni impugnatóris incúrsu, et totíus nequítiæ purgáta discéssu. Sit fons vivus, aqua regénerans, unda puríficans: ut omnes hoc lavácro salutífero diluéndi, operánte in eis Spírítu Sancto, perféctæ purgatiónis indulgéntiam consequántur.

Itong banal na tubig na Iyong nilikha, ay huwag mapamahak sa lupit ng kaaway, at luminis nawa, at lumayas ang anumang masasama. Maging batis sana ito ng pagpapanibagong buhay na lalong nakalilinis. Ang lahat ng mahuhugasan sa paliguang ito na nakagagaling ay makamit ang grasya ng tunay na kalinisan, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Kukrusan niya ng tatlong beses ang Pila Bautismal sa anyong krus; sabay niyang sasabihin:

Unde benedíco te, creatúra aquæ, per Deum ✠ vivum, per Deum ✠ verum, per Deum ✠ sanctum: per Deum, qui te in princípío verbo separávit ab árida: cujus Spírítus super te ferebátur.

Kaya naman, tubig, ikaw na nilikha ng Dios, ay siyang binabasbasan ko sa Dios ✠ na buhay, sa Dios ✠ na totoo, at Dios ✠ sa banal; sa Dios na noong una’y ibinukod ka sa lupa sa kapangyarihan ng kaniyang salita, at nang pumanaog sa tubig at lukuban ng kaniyang Espiritu.

Hahatiin ng kaniyang kamay ang tubig, at iwiwisik sa apat na dako. Tanda ito na ang lahat ng tao saan mang sulok ng daigdig ay tinatawag ng Dios sa buhay ng ganap na kabanalan.

Qui te de paradísi fonte manáre fecit, et in quátuor flumínibus totam terram rigáre præcépit.

Siya ang nagpabalong sa iyo sa batis ng Paraiso, at ipinagutos Niya na ang lupa ay diligin mom ula sa apat na ilog.

Qui te in desérto amáram, suavítate indita, fecit esse potábilem, et sitiénti pópulo de petra produxit.

Pinasarap ka Niya nang ikaw ay tikmang mapait sa disyerto, at pinabukal ka sa bato upang makainom ang bayang nauuhaw.

Be ✠ nedíco te et per Jesum Christum, Fílium ejus únicum, Dominum nostrum: qui te in Cana Galilæ signo admirábili sua poténtia convértit in vinum.

Binabasbasan ✠ kita sa ngalan ni Jesucristong Panginoon namin, na Iyong bugtong na Anak. Sa kaniyang kapangyarihan, sa noo’y kasalan sa Cana sa Galilea, ginawa ka Niyang alak.

IKALAWANG YUGTO:

ANG PAGBABASBAS SA PILA BAUTISMAL

Kung walang pila bautismal ang simbahan, aawitin agad ang Litanya ng mga Banal. Subalit kung babasbasan ang Pila Bautismal, isususunot ng pari ang kulay lila na kapa. Habang papunta sila sa doon, aawitin ng koro ang sumusunod.

TRACTO • Ps 41:2-4

SICUT cervus desiderat ad fontes aquárum: iía desiderat ánima mea ad te, Deus.
V. Sitívit ánima mea ad Deum vivum: quando véniam, et apparebo ante fáciem Dei?
V. Fuérunt mihi lácrimæ meæ panes die ac nocte, dum dicitur mihi per síngulos dies: Ubi est Deus tuus?

TULAD ng isang usa, na nananabik sa umaagos na tubig, gayunding nananabik ako sa iyo, O Dios.

V. Nauuhaw ang aking kaluluwa sa Dios na buhay. Kailan ako paparoon at makikita ang mukha ng Dios?

V. Ang aking mga luha ay pagkain ko sa araw at gabi, habang sinasabi nila sa akin araw-araw, “Nasaan ang iyong Dios?”

Bago pumasok ang pari sa bautisteryo, darasalin niya ang sumusunod:

V. Dominus vobiscum.
R. Et cum spiritu tuo.

V. Sumainyo ang Panginoon.
R. At sa iyong espiritu.

Manalangin tayo. — O Dios na makapangyarihan at walang-hanggan, tunguhan mo ang pamimintuho ng Iyong bayan na muling isisilang sa bisa ng tubig at binyag, na mahahalintulad sa isang usa na sabik sa bukal ng Iyong tubig. Ipagkaloob mo rin sana ang uhaw ng kanilang pananampalataya sa bisa ng Binyag, at pabanalin ang kanilang kaluluwa’t katawan. Sa pamamagitan ni Jesucristo...
— R. Amen.

Pagpasok ng pari sa bautisteryo, darasalin niya ang sumusunod:

V. Dominus vobiscum.
R. Et cum spiritu tuo.

V. Sumainyo ang Panginoon.
R. At sa iyong espiritu.

Manalangin tayo. — O Dios na makapangyarihan at walang hanggan, maramdaman ka nawa naming kapiling sa pagsasagawa namin ng mga misteryo ng Iyong awa, gayundin sa mga sakramentong ito. Ang bayang ipinanganak sa Iyo sa batis ng binyag ay marapatin sanang ampunin Mong mga anak. Maganap nawa sa bisa ng Iyong kapangyarihan ang gagawin namin ngayon bilang iyong mga lingkod.

Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin, na siyang nabubuhay at naghahari kasama Mo at ng Espiritu Santo, Dios, magpasawalang-hanggan. — **R. Amen.**

V. Dominus vobiscum.

R. Et cum spiritu tuo.

V. Sursum corda.

R. Habemus ad Dominum.

V. Gratias agamus Domino Deo nostro.

R. Dignum et justum est.

V. Sumainyo ang Panginoon.

R. At sa iyong espiritu.

V. Itaas ang inyong puso at diwa.

R. Itinaas na namin sa Panginoon.

V. Pasalamat natin ang Panginoong ating Dios.

R. Marapat at matuwid.

At saka itutuloy ang mala-Prepasyong panalangin.

PREPASYO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre, nos tibi semper et ubique grätias ägere: Dömine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: Qui invisibili poténtia sacramentórum tuórum mirablíter operáris efféctum: Et licet nos tantis mystériis exsequéndis simus indígni: Tu tamen grätia tuæ dona non déserens, etiam ad nostras preces aures tuæ pietátis inclínas.

Deus, cujus Spíritus super aquas inter ipsa mundi primórdia ferebátur: ut jam tunc virtútem sanctificatiónis aquárum natúra concíperet.

Deus, qui, nocéntis mundi crímina per aquas ábluens, regeneratiónis spéciem in ipsa dilúvii effusióne signásti: ut, uníus ejusdémque eleménti mystério, et finis esset vítiis et orígó virtútibus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Panginoon, Amang banal, Dios na makapangyarihan at walang-hanggan: Sapagka't sa lihim na kapangyarihan mo ay nakakamtan namin ang kahanga-hangang bunga ng Iyong mga sakramento. Bagaman hindi kami marapat na gumanap sa mga mysteryong ito, hindi Mo ipinagkakait sa amin ang iyong mga kaloob, at patuloy na dinirinig ng iyong awa ang aming mga panalangin.

O Dios, ikaw ang nagpahayag ng iyong Espiritu sa tubig noong unang panahon: at mula noon, ginawa mong kasangkapan ang tubig bilang kaparaanan upang makamit ang kabanalan.

O Dios, sa paghuhugas ng kasamaan ng sangkatauhang nagkakasala, ipinakita mo ang larawan ng papanibagong buhay sa pamamagitan ng malaking Baha. Ito'y upang sa bisa ng tubig ay makapawi ng kasalanan at maging bukal ng kabanalan.

Réspice, Dömine, in fáciem Ecclésiæ tuæ, et múltiplica in ea regeneratiónes tuas, qui grätia tuæ affluéntis ímpetu lætíficas civitátem tuam: fontémque baptísmatis áperis toto orbe terrárum géntibus innovándis: ut, tuæ majestátis império, sumat Unigéniti tui grátiam de Spíritu Sancto.

Hahatiin ng pari ang tubig sa anyong Krus gamit ang kaniyang kanang kamay:

Qui hanc aquam, regenerándis homínibus præparátam, arcána sui núminis admixtióne fecúndet: ut, sanctificatióne concépta, ab immaculáto divíni fontis útero, in novam renáta creatúram, progénies cœléstis emérgat: Et quos aut sexus in córpore aut ætas discérnit in témpore, omnes in unam páriat grátia mater infántiam.

Procul ergo hinc, jubénte te, Dömine, omnis spíritus immun-dus abscédet: procul tota nequítia diabólicæ fraudis absístat. Nihil hic loci hábeat contrária virtútis admíxtio: non insidiándo circúmvolet: non laténdo subrépat: non inficiéndo corrúmpat.

Kaya't tunghayan Mo ang iyong Simbahan, Panginoon, at paramihin ang mga makatatanggap sa kaniya ng bagong buhay. Sa malakas na agos ng iyong mga kaloob ay pinaliligaya mo ang iyong bayan, at nagbubukas ng batis ng binyag sa daigdig. Sa kapangyarihan ng iyong kamahalan, matanggap nawa ng lahat sa Espiritu Santo ang grasya ng bugtong Mong Anak.

Ang tubig na ito na magbibigay ng bagong buhay sa mga tao, ay mamungang sagana sa mahiwagang kapangyarihan ng langit. Magkamit sana ng kabanalan ang mga mahuhugasan dito, na parang ipinaglihi sa kalinisan nitong banal na tubig at lumabas na parang malilin-is na mga sanggol. At ang lahat, maging lalaki o babae, anuman ang kanilang edad, ay umahon na parang mga sanggol na napaka-linis yaring mga inianak ng grasya.

Kaya po, O Panginoon, utusan Mong umalis sa tubig na ito ang buong kasamaan ng diyablo. Huwag mahaluan ng kapangyarihan ng kaaway, ni pagbantaan ng anumang mga patibong nito ang tubig na ito. Huwag sanang palihim na pasukin ito ng kaaway, ni gawan ng anumang karumihan,